Thus, stricter household monitoring of waste segregation will lessen these costs by up to half and any LGU breaching the law could face raps before the Ombudsman.

The EMB, however, clarified it has no mandate to put up infrastructures like SLFs and the primary duty for waste management remains in the LGUs.

DENR likewise urged the LGUs to intensify their continuous coordination with the private sector as a holistic approach to waste reduction in the region especially starting at the household level. *(PNA)*



PGC GRANTS EDUCATIONAL ASSISTANCE TO SENIOR HIGH SCHOOL STUDENTS: Taking its wider consideration that education plays a vital role for the youth's success in life, the Provincial Government of Cavite (PGC) led by Governor Boying Remulla , thru the Provincial Scholarship Committee (PSC) facilitated the distribution of Sulong Dunong for the Senior High School students of the municipalities of Amadeo and Indang and the city of Trece Martires on February 8, 2019 at the Provincial Gymnasium in Trece Martires City. Provincial Administrator for Community Affairs and Chairman of the Provincial Scholarship Program Alvin Mojica warmly welcomed all the attendees and commended all the beneficiaries who will be taking up a new journey as they will enter the college life soon. The ceremonial distribution of educational assistance amounting to P 1, 201, 000.00 to 1,201 students was spearheaded by Governor Remulla, together with some guests including Senator JV Ejercito, Indang Councilor Ping Remulla, Tanza Councilor Lito Langit and former Provincial Administrator for Community Affairs Engr. Redel John Dionisio who also imparted words of advice and encouragement to the youth. Meanwhile, 48 victims of a vehicular accident from Naic also received a total amount of P 735, 000.00 from the provincial government to help the victims and relatives who suffered from injuries during the seminar of barangay captain on Baguio City recently. —(PICAD)

# DSWD nagsagawa ng fun run patungkol sa pag-aampon, foster care

LUNGSOD NG SAN FERNANDO, Pampanga (PIA) — Humigit-kumulang 100 indibidwal ang lumahok sa fun run na inorganisa ng Department of Social Welfare and Development o DSWD bilang simula ng pagdiriwang ng Adoption Consciousness Week.

Layunin ng nasabing aktibidad na nakaangkla sa temang "Pagmamahal Palaganapin, Legal na Pag-aampon Ating Gawin!" na paigtingin ang adbokasiya at kamalayan ng publiko sa legal na pag-aampon at foster care.

Ayon kay DSWD Regional Director Gemma Gabuya, nais bigyang-diin ng nasabing pagdiriwang ang kahalagahan ng pag-aampon at pag-aalaga sa normal na pag-unlad ng mga bata, lalo na ang mga inabandona, napabayaan, sumuko at inabuso.

Ang mga batang ito, ayon kay Gabuya, ay dapat magkaroon ng mga kikilalaning mga permanenteng pamilya sa lalong madaling panahon.

Bukod sa fun run, magkakaroon din ng mga adoption care forums sa mga lalawigan ng Pampanga, Bulacan at Nueva Ecija upang talakayin ang proseso ng legal na pag-aampon at mga karaniwang isyung kinakaharap ng mga adoptive at foster parents.

Magkakaroon din ng Adoption Help Desk sa mga piling malls at establisimyento upang tumugon sa mga katanungan ng publiko sa pag-aampon at foster care upang madagdagan ang bilang ng adoptive at foster parents.

Ang pagdiriwang ng Adoption Consciousness Weekay nalikha sa bisa ng Presidential Proclamation No. 72, series of 1999.

Layunin nito na tiyakin ang pambansang kamalayan sa lumalaking bilang ng mga naulila o inabandonang mga batang Pilipino na nangangailangan ng pagkalinga ng isang pamilya. (CLJD/MJLS-PIA 3)

# SABIK SI JULIA BARRETTO PERO MALUNGKOT



**KAPAG sinabing sabik ay kalimitang ang karugtong na maririnig o ang kasunod ay ang kasiyahan.**

May kinasasabikan kang mangyayari o inaasahan kaya dapat ay masaya ang magiging pakiramdam.

Pero bakit o paanong itong si Julia barreto ay sabik pero malungkot?

Hindi ba nagbakasyon si Julia sa ibang bansa kamakailan subalit maaga niya itong tinapos.

Bago ang pagbabakasyon ay sabik ang nasa puso at damdamin ni Julia.

Kung bakit sabik ay dahil solo o mag-isa lamang siya sa gagawing bakasyon.

Sabik siyempreng maramdaman ang solo lamang sa kanyang pagbabakasyon.

Kumbaga ay anu-ano ang mga maaaring thrill bilang isang solong bakasyunista.

Pero mistulang tinalo ng homesick ang aktres para sa kanyang pamilya.

Iyon ang dahilan kaya malungkot si Julia dahil sa pamilyang hinahanap-hanap.

Pero kahit paano naman ay masasabing worth it ang dalawang linggong bakasyon ni Julia.

@@@

**T ITA ARMIDA, HINDI MAKAKALIMUTAN NG SAMBAYANAN**

Ipinaabot natin ang taus-pusong pakikiramay sa pamilyang naulila ni dating Movie and Television Review and Classification Board Chairperson Armida Siguion-Reyna.

Ang isa sa kabilang na itinuturing na haligi ng industirya ay binawian ng buhay sanhi ng sakit na kanser sa edad na 88.

Napakalaki ng kontribusyon ni Tita Armida sa larangan ng musika, telebisyon at pelikula bilang isang dating mang-aawit, aktres at producer.

Sino ba naman ang hindi makakakilala kay Tita Armida na sa loob ng tatlumpung (30) taon ay host ng programang 'Aawitan Kita.'

Strong personality at likas ang kanyang katapangan sa pagharap sa ano mang kritiko.

Higit sa lahat ay ang nakakaantig na tinig ni Tita Armida na nagpasikat ng maraming kantang kundiman noon.

Siya ay MTRCB chairperson noong June 1998 hanggang January 2001 sa panahon ni dating Pangulong Joseph Estrada.

Tita Armida, hindi makakalimutan ng sambayanan.

@@@

**MASAYA NA SI BENTONG**

Isang pakikiramay din sa pamilyang naiwanan ng komedyanteng si Bentong.

Si Bentong o Domingo Vusotros Brotamante, Jr. sa tunay na buhay ay binawian ng buhay sa edad na 55.

Nalagutan siya ng hininga habang nakaratay sa isang pagamutan sa Quezon City kamakailan.

Mahusay na komedyante kaya alam natin na masaya na si Bentong sa kanyang kinalalagayan.

Paalam Bentong!

@@@

**PAKIKIRAMAY KAY JOEY DE LEON**

Pakikiramay din ang ating ipinaabot sa mahusay na komedyanteng si Joey de Leon.

Namatay ang ina ni Joey na si Emma Manahan Ramos-De Leon sa edad na 93.



## HANEP SHOWBIZ

## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 104 labas)**

"**OO** nga ano, sadyang napakatulin ng panahon."

Maging si Kardo ay hindi rin halos makapaniwala na nagawa niyang maging konsehal sa tatlong termino.

Mula sa pagiging isang barangay chairman na tatlong termino rin siyang nanungkulan ay ganoon din bilang isang konsehal.

Kaya naman sa paguusap nilang mag-asawa ay tinatanong siya ni Inday kung ano na ang kanyang plano.

"Magpapahinga ka na ba sa pagiging isang pulitiko ha Kardo?"

Pinag-iisipan pa rin ni Kardo ang kanyang balak o gagawin sa nalalapit na pagtatapos ng kanyang termino.

"Kung talagang nasa puso mo pa rin ang paglilingkod sa bayan ay sumige ka sa kung anong gusto mo."

Nananatili si Inday sa buong suporta sa kanyang mister lalo at maganda naman ang record ni Kardo.

Kahit naman nagtatanong si Inday ay alam naman niyang gusto pa rin ni Kardo na manatili sa pulitika.

"Medyo bentahe ka at sa tingin ko ay makakalusot ka. Alam ko mananalo ka."

"Ano ba 'yung tawag sa karera na naririnig ko lamang? Ay! Ano pala, lyamado ka."

Kung talagang nais pa ni Kardo na muling kumandidato ay iminumungkahi ni Inday ang posisyong vice mayor.

Si Inday ay klase ng taong mapanuri at nararamdaman niya na malaki ang tsansa ni Kardo sakaling bise alkalde ang tatakbuhin nito.

Iyon nga lamang, ang hindi niya nasusuri at nararamdaman ay ang ginawagawang panloloko sa kanya ni Kardo.

Siguro ay masasabing mahusay lamang magdala si Kardo kaya napapalusutan niya si Inday.

Napapaikot niya ang kanyang misis na siya ay walang ginagawa.

Na wala siyang ibang babae at lalong wala ring anak sa ibang babae.

Plantsado o malinis ang lahat para kay Kardo kaya sa mahabang panahon ay walang natutuklasan sa kanya si Inday.

"Aba! 'Di maaari 'yan. 'Di ako makakapayag."

**(Itutuloy)**

## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

**(ika-103 labas)**

"**THE** number you dialed is either unattended or outside the coverage area."

Panay ang tunog ng cellphone ni Dagul, tuluytuloy lamang sa pagriring.

Mahihinto pero muling tutunog subalit hindi tinitingnan ni Dagul ang kanyang cellphone.

Basta nasa harap ng hapag kainan at sabaysabay silang kumakain ay hindi maaaring gumamit ng cellphone o ano mang gadget.

Ang turo at katwiran ni Aling Tita sa kanilang tatlong magkakapatid ay kailangang irespeto ang mga grasyang nakahain.

Hindi kailangang unahin ang kung ano pa man dahil para kay Aling Tita ay makakapaghintay naman iyon huwag lamang ang biyaya ng Panginoong Diyos.

Kaya kahit ang pag-uusap o kuwentuhan ay bawal basta sila ay kumakain.

"Jerome, ano na nga pala ang plano ninyong dalawa ni Maribeth?"

Nang makatapos makakain at habang nagpapahinga sa sala ay doon lamang sila nagsimulang magkakuwentuhan.

"Kung ako lang ay boto ako Jerome para sa 'yo 'etong si Maribeth."

Si Aling Tita ang nagsimula ng kanilang paguusap at kina Maribeth at Jerome nasentro ang paksa.

"Unang-una ay nasa hustong edad naman na kayo at bukod pa roon ay pareho kayong mayroong matatag na trabaho."

"Kung ako ang tatanungin ay maaari na kayong lumagay sa tahimik."

"At kung kinakailangan ay pupunta tayo Jerome kina Maribeth para makapamanhikan."

Nagugulat ang tatlong magkakapatid dahil gusto na ni Aling Titan a magkapamilya na si Jerome sa kabila na ito ang bunso.

"Wala naman problema kahit si Jerome ang bunso o mas bata, siguro ay mabagal kayong dalawa ha Bert at Dagul."

Medyo seryoso ang usapan subalit may bahagyang patawa si Aling Tita.

"Basta ako ang gusto ko kung maaari ay magsipag-asawa na kayo."

"Pinag-aasawa ko kayo 'di ibig sabihin ay tinataboy ko na kayo rito."

Natawa ang magkakapatid dahil gusto pala ni Aling Tita na magkaapo na sa tatlo kahit hindi niya kadugo ang mga ito.

**(Sundan)**

# DOJ CLEARS CAVITE TOWN MAYOR OF MURDER RAPS

**MANILA — Prosecutors have dropped the criminal case against Trece Martires City, Cavite Mayor Melandres Desagun and two others for the killing of Vice Mayor Alex Lubigan and his driver Romulo Guillemer in July last year.**

Department of Justice (DOJ) spokesperson Undersecretary Markk Perete on Tuesday informed reporters of this development in a text message.

On the other hand, the DOJ found probable cause to indict alleged gunman Ariel Paiton for two counts of murder and Maragondon, Cavite municipal councilor Lawrence Arca as accessory to the crime.

Likewise cleared were Luis Vasquez Abad Jr., the alleged driver of the getaway vehicle and Rhonel Bersamina, who allegedly received money on Arca's behalf.

On July 7 last year, Lubigan, 44 and his driver Guillemer, 50 were travelling along the Trece-Indang Road in Barangay Luciano, Trece Martires City when they were ambushed by several armed men.

Desagun's security aide Romeo Edrinal, 56, who was also on board the vehicle was injured during the attack. ***(PNA)***

# Angeles court orders release of witness in Jee Ick Joo slay

**MANILA —** The Angeles City Regional Trial Court (RTC) ordered the release of a policeman who is now a state witness in the abduction and killing of South Korean businessman Jee Ick-Joo two years ago.

In an order dated January 30 released to media Tuesday, RTC Branch 56 Judge Irin Zenaida S. Buan granted the motion of state witness Senior Police Officer 4 (SPO4) Roy Villegas and ordered his release from the restrictive custody of the PNP Anti-Kidnapping Group.

"Based on the proceedings held in these cases, it appears that witness Villegas already finished his testimony thus it can be concluded that he already fulfilled his duty as a state witness. With the completion of the testimony of state witness Villegas, there is no more valid reason to recall his discharges thus, the effects of his discharge should be given effect," the court said.

Villegas turned witness against his co-accused in the case namely SPO3 Ricky Sta. Isabel, Supt. Rafael Dumlao III, Jerry Omlang and retired policeman Gerardo Santiago.

Jee was abducted on October 18, 2016 at Friendship Plaza Subdivision, Angeles City by police officers claiming to enforce an anti-narcotics operation under the Philippine National Police (PNP)'s "Oplan Tokhang."

He was brought to the Philippine National Police headquarters in Camp Crame where he was killed the same day.

Santiago was owner of the Gream Funeral Services, where the body of the victim was brought. ***(PNA)***

# Court pilots video 'tele-hearing' for high risk, sickly inmates

MANILA — New court rules authorizing the use of video-teleconferencing for high risk detainees to be tried without the need to actually stepping into courtrooms will soon be tested, the Supreme Court (SC) said Monday.

Court Administrator Midas Marquez said the new system will be pilot-tested in Davao City Jail, where members of terrorist groups Maute, Abu Sayaff and New People's Army (NPA) are detained.

He said the new "tele-hearing" system is part of the judicial reform agenda of Chief Justice Lucas Bersamin.

Associate Justice Diosdado Peralta, chairman of the new SC revision of rules committee, has been tasked to draft the guidelines that would govern the remote testimony and appearances of the accused from their cells.

"This is trailblazing because it can pave the way for long-distance court appearances of OFWs working abroad who have pending civil cases in the country," Peralta said.

Arrested members of Maute, Abu Sayyaf and NPA will no longer be required to physically appear before the courts and may face trial while inside the jails.

A 100-foot monopole tower with necessary equipment was built within the Davao Hall of Justice and will be connected to the three jail facilities in the city.

The High Court assured that the constitutional rights of the accused will be protected through procedural safeguards in the implementing rules.

"In order to ensure that the accused's constitutional rights are adequately protected, the counsel of the accused shall be present with the accused in the same designated room in the jail facility throughout the duration of the tele-hearing," Marquez said.

The rule will also apply to detainees diagnosed with grave and serious medical conditions in Davao.

The measure adopted by the judiciary was approved upon the request of Davao City Jail Warden, Supt. Grace Taculin, who cited security threats in the transportation of high-risk detainees with terrorism cases and spread of diseases in courts. *(PNA)*

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CITY**

**PHILIPPINE SAVINGS BANK,**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-440-18**

-versus-

**SPS. LUISITO AMARILLE ESPANTO**
**and JANILYN DE SAGUN ESPANTO**
Mortgagors.
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee **PHILIPPINE SAVINGS BANK** with business address at PS Bank Center, 777 Paseo de Roxas corner Sedeño Street, Makati City against the Mortgagors, **JANILYN DE SAGUN ESPANTO, for herself and as Atty-in-Fact of LUISITO AMARILLE ESPANTO,** with residence and postal address at Blk. 37, Lot 44, Jacinth St., Crystal Aire Subd., San Francisco,Gen. Trias City, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of December 17, 2018 amounts to **ONE MILLION SIX HUNDRED THIRTY EIGHT THOUSAND SIX HUNDRED FOURTEEN PESOS and 86/100 (P1,638,614.86),** Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **March 19, 2019** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for **CASH** and in Philippine Currency, the following described properties with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No.1363859**

A parcel of land (Lot 44, Block 37 of the subd. plan Psd 0042108-076214, being a portion of Lot 2, Pcs-042108009239, LRC Rec. No.__), situated in Brgy. Elang, Mun. of Gen. Trias, Prov. of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 42, Block 37; on the NE., along line 2-3 by Alley 3; on the SE., along line 3-4 by Road 13; and on the SW., along line 4-1 by Lot 43, Blk.37, all of the subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan. **x x x containing an area of ONE HUNDRED NINETEEN (119) SQUARE METERS x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **March 26, 2019** without further notice.

Trece Martires City, **February 4, 2019**

**LUCIO C. ALEJO III**
**Sheriff IV**

**Copy Furnished:**
**SALGADO AVILA GORDOVE CHUANICO & ASSOCIATES**
Counsel for the Mortgagee
4th Floor PSBank Center Bldg.
No.777 Paseo de Roxas Avenue for Sedeño St.
Makati City

**SPS. JANILYN & LUISITO ESPANTO**
Blk.37, Lot 44, Jacinth St., Crystal Aire Subd.,
Brgy. San Francisco, Gen. Trias City, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

**PUBLICATION: HANEP** February 11, 18 and 25, 2019

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

# DA CALABARZON 'MALASAKIT HELP DESK'

**The Department of Agriculture (DA) Region IV-CALABARZON opens its first 'Malasakit Help Desk' in its regional office located at ground floor of RMIC Bldg., BPI Cmpd., Visayas Ave., Diliman, Quezon City (February 14, 2019).**

This is in conjunction with the launching of 'Malasakit Help Desk' in the DA Central Office led by Secretary Emmanuel F. Piñol.

Every day, there will be a person assigned to the said help desk to entertain and/or answer questions on DA's services such as access to agri-fishery information and data, including those involving registration and accreditation, and agri-profiling and validation; access to credit facilities; crop insurance; scholarships; trainings and seminars; and employment.

Other 'Malasakit Help Desks' will also be opened in the field offices of the DA CALABARZON soon.

The establishment of the 'Malasakit Help Desk' is in line with the DA's mandate to promote agricultural development and inclusive growth.

It is also supportive of the commitment of President Rodrigo Duterte to hasten the delivery of assistance to the farming and fishing communities and his aspirations for a "Matatag, Maginhawa, at Panatag na Buhay."



**DA CALABARZON** Regional Director Arnel V. de Mesa together with some DA officials led the ceremonial ribbon cutting of Malasakit Help Desk.




**SINALUBONG** nina Isko Moreno, kumakandidato bilang alkalde ng Maynila at ang kanyang mga kasamang tumatakbong konsehal sa distrikto-1 ng nasabing lunsod, ang Valentine's Day nitong Pebrero 14 ng madaling araw sa Balut, Tondo. Mistula namang kinilig ang puso ng mga residente ng nasabing lugar. Photo by: **JEROME AMOROSO**

# SPD nabs 85 persons, 90 firearms in anti-crime drive

**MANILA —** Operatives of the Southern Police District (SPD) have arrested 85 persons and seized 90 firearms since the start of the election gun ban last month.

In a report to the National Capital Region Police Office (NCRPO) Wednesday, SPD director, Chief Supt. Eliseo Cruz, said Parañaque City has the highest number of apprehensions with 23 persons, followed by Makati (19); Taguig (15); Las Piñas, four; and two in the town of Pateros.

The SPD Chief said that all apprehended persons were already charged criminally before the Department of Justice while the recovered guns and other items were brought to the respective police stations to form part as evidence against the suspects.

Cruz said the recovered guns were mostly .38 caliber revolvers, 12-gauge shotguns, .45-caliber pistols, 9-mm pistols and .22-caliber revolvers while 28 gun replicas were also confiscated.

Apart from firearms confiscation, the authorities also recovered several plastic sachets of shabu and drug paraphernalia used in sniffing the drugs during the police operations, he said.

For his part, NCRPO chief, Director Guillermo Eleazar commended SPD for its simultaneous police operations which focuses more on Illegal firearms through the implementation of search warrants, checkpoints, Oplan Sita and other anti-criminal activities in identified hot spots within its jurisdiction.

"We congratulate the SPD under the leadership of its District Director Eliseo Cruz for his initiative of an all-out drive against crime in the Southern Metropolis area following the start of election ban on Jan. 13," said Eleazar.

Eleazar assured the NCRPO will be relentless in its drive to maintain the peace, order and security in the entire Metro Manila area during the election period.

"We will not allow those who seek to sow terror in our communities. We will arrest those who defy the law and commit atrocities against the people and bring them to the bar of justice and make them accountable for their crime," the Metro Manila top cop said.

Eleazar called on the general public to help and cooperate with the authorities by reporting information that could lead to the apprehension and prosecution of those involved in various criminal activities. ***(PNA)***

# 'Traveler's Bill of Rights, isinusulong sa lungsod ng Puerto Princesa

**PUERTO PRINCESA, Palawan (PIA) —** Bilang lugar na dinarayo ng mga turista, lokal man o dayuhan, inihain ang isang panukalang resolusyon sa Sangguniang Panlungsod ng Puerto Princesa na nagsusulong na magkaroon ng 'traveler's bill of rights'.

"Mahalaga na pagkakaroon tayo nito [Bill of Rights] hindi lang sa Puerto Princesa kundi sa buong Pilipinas para proteksyonan ang karapatan ng mga bumabyahe at ng mga turista," pahayag ni Konsehal Nesario Awat, siyang may akda ng resolusyon.

Ayon pa sa nilalaman ng resolusyon, kinakailangang matiyak ang mahusay na serbisyo ng mga tinutuluyan ng mga turista tulad ng mga hotel, inn, resort at mga restoran, gayundin sa transportasyon upang mapanatiling maganda ang imahe nito para sa mga bisita.

"Kung mangyayari lang ang mga yan, mapapangalagaan at lalo pang aangat ang turismo ng lungsod," dagdag pa ni Awat.

Hangad din sa panukalang resolusyon na ma-proteksyonan ang mga turista at bumabyahe sa pagkuha ng 'refund' kung ang serbisyo ay hindi na-kompleto, o kahit ano mang uri ng paglabag sa kanilang mga karapatan.

Hinihikayat din sa resolusyon ang mga mambabatas sa kongreso na taga-Palawan na pag-aralan ito at mai-akda bilang batas.

Dagdag pa ni Awat, sakaling maging batas ang panukala, mahuhubog na ang kamalayan ng mga may-ari at nagpapatakbo ng mga establisyementong panturista at iba pang negosyong may kinalaman sa turismo patungkol sa kanilang mga responsibilidad. **(LBD/PIAMIMAROPA-Palawan)**

# Experts warn public vs. measles complications

**MANILA —** If left untreated, serious complications from measles could be life-threatening, medical experts said on Wednesday.

Dr. Mario Panaligan, Philippine Society for Microbiology and Infectious Diseases president, said measles-stricken children and adults could suffer from serious complications if they remain untreated.

"Kahit bata o matanda, delikado ang komplikasyon ng tigdas, hindi kumo matanda ay mas mataas ang (Young or old, measles complications are dangerous, not because [you're] old [you'll] have higher) risk to have complications," he said in a health forum in Quezon City.

Panaligan said patients with fever usually experience pain in their throats which cause secretions to be stuck in the throat.

"So talagang tumataas ang chances na magkaroon ng pulmonya. May mga tao ring nabubulag... ang iba naman ay patulog-tulog dahil namamaga na rin kasi ang utak (the chances of having pneumonia go up, there are people who become blind... other people doze off because their brains are already swolen)," he added.

Philippine Pediatric Society president Salvacion Gathchalian, who is one of the forum panelists, said severe measles cases may also lead to Subacute Sclerosing Panencephalitis (SSPE).

"This can be seen also in adults but this is more common among children who have measles less than two years (old). It can manifest seven, eleven years after the measles infection. There's an intellectual and behavioral deterioration and eventually namamatay, mataas ang (they die, there is high) percentage of death, mga 90 percent," she said.

Gatchalian urged parents to observe the schedule of measles vaccine for their children which start at nine months old and first dose of booster at 12 to 15 months and second dose at four to six years old.

Apart from vaccination, Gatchalian advised the public to wash thoroughly their hands, cover their mouths when coughing and stay at home when they are sick to avoid contracting measles. ***(PNA)***

# HANEP
**Basahin Mo Ito!**

## DROGA SA CAVITE, MABABAWASAN NA?

**PINANINIWALAANG tuluyan ng mababawasan ang droga sa Cavite nang mapatay ang kilalang supplier dito matapos itong manlaban sa mga operatiba sa isinagawang buy bust operation sa Cavite City.**

Namatay habang ginagamot sa Bautista Hospital ang suspek na si Roderick Jardio, binata, walang trabaho, ng Brgy 48A, Cavite City.

Sa ulat ni PO3 Elfe Galit, ng Cavite City Police Station, dakong alas-9:20 ng gabi nang nagsagawa ng buy bust operation ang mga elemento ng Cavite City Drug Enforcement Unit (DEU) kung saan target ang suspek sa naturang barangay.

Pero nakatunog ang suspek na pulis ang kanyang katransaksiyon at nang arestuhin sana ito ay agad na nagbunot ng baril at ipinutok sa mga operatiba subalit nagmintis kaya gumanti ang mga awtoridad na nagresulta sa kanyang kamatayan.

Narekober sa suspek ang isang kalibre 38 baril, mga bala, coin purse na naglalaman ng 13 pirasong hinihinalang sachet ng shabu, celphone at buy bust money.

Sa rekord ng pulisya, ang suspek ay kilalang supplier ng shabu sa Cavite area. **GENE ADSUARA**




**ADDITIONAL CCTVs TO INTENSIFY PEACE AND ORDER CAMPAIGN:** On February 9, 2019, the provincial government of Cavite once again donated additional sets of CCTVs, handheld radios and barangay tanod kits to the cities of Dasmariñas and Bacoor. During the simple turnover rites led by Governor Jonvic Remulla each barangay captain received three (3) sets of CCTV, ten (10) units of handheld radios and five (5) kits for tanod containing vest and policeman's club. The distribution of equipment is consistent with Governor Boying Remulla's thrust as Chairperson of the CALABARZON Regional Peace and Order Council (RPOC) to heighten security measures in order to achieve a safer and a more livable community. Other guests who joined the 75 barangay captains of Dasmariñas City and 73 of Bacoor City were Mayor Lani Mercado, Board Members Aba Gawaran and Rey Fabian, reminding the local leaders to handle the equipment properly and maximize its use to better serve constituents. **(PICAD)**

## Misis patay, mister kritikal; sinasakyang motorsiklo inararo ng 'oto

**PATAY** ang isang 40-anyos na ginang habang kritikal ang mister nito nang araruhin ng isang kotse ang sinasakyan nilang motorsiklo sa Silang, Cavite.

Kinilala ni SPO1 Henry Abarca, ng Silang Municpal Police Station, ang namatay na si Evelyn Velarde, siomai vendor, dahil sa pagkabagok ng kanyang ulo.

Sinusulat ito ay inoobserbahan pa ang asawa nito sa nasabi ring ospital na si Jerson Velarde, 45, tubong South Cotabato, siomai vendor at residente ng Brgy Anahaw, Silang.

Kinilala naman ang driver ng isang Honda City Sedan na si Rondel Manipis, 25, binata, seafarer, ng Brgy. Litlit, Silang.

Nabatid na kapwa binabagtas ng mag-asawa at suspek ang direksiyon ng bahaging Timog ng Kalubkob, Road sa Silang, dakong 11:20 ng gabi.

Minamaneho ni Jerson ang isang motorsiklo na walang plaka at angkas ang asawang si Evelyn habang isang Honda Sedan (WTB 450) ang minamaneho ng suspek.

Nasa unahan ang motorsiklo at kasunod ang suspek nang pagsapit sa nasabing lugar ay nabangga nito.

Dahil sa lakas ng pagkakabangga ay tumilapon ang dalawa sa semento kaya isinugod sa Silang Specialist Medical Center subalit dakong ala-1:20 ng madaling araw nang ideklarang patay ng mga doctor si Evelyn dahil sa lakas ng pagkakabagok nito habang inoobserbahan pa rin ang kanyang asawa.

Kasong reckless imprudence resulting in homicide, physical injuries at damaged to property ang isasampang kaso laban kay Manipis. **GENE ADSUARA**

# KALIBRE



**ROMY SANTOS**
0977-7844136

## Kapanalig si Imee sa legalisasyon ng motorcycle-taxis

**MUKHANG** nagkaroon ng karagdagang bagong kakampi ang ANGKAS.

Ito ay sa katauhan ni Ilocos Norte Governor Imee Marcos, na humihiling sa pamunuan ng Department of Transportation (DOTr) sa mabilis subalit makabuluhang pag-aaral para sa legalisasyon ng paggamit ng single motorcycle kagaya ng Angkas, bilang alternatibong pampublikong transportasyon.

Ang technical working group (TWG) na binuo ng DOTr noong nakaraang taon ang nangangasiwa sa naturang pag-aaral para sa usaping ito.

Sabi nga ng gobernadora ay maaari namang gumawa ng mas mahigpit o istriktong mga alituntunin para maipagkaloob ang kaligtasan at seguridad sa panig ng rider at ng angkas o pasahero.

Agree ako rito, isa sa maaaring strict guidelines sa Angkas member ay ialis sa kanilang isipan na hindi na siya isang karaniwang rider lamang bagkus ay isa ng public utility ang ginagamit niyang motorsiklo.

Ibig sabihin ay mahaharap siya sa mas mabibigat na mga kaso na may mga kinalaman sa paglabag sa batas-trapiko.

Ang mga karaniwang rider aminin man sa hindi ay lubhang napakaraming lusot dito lusot doon, salubong rito salubong roon, singit dito singit doon at kung anu-ano pang klaseng pasaway na gawain sa kanyang pagmamaneho.

Kung ikaw ay lehitimong kasapi ng Angkas ay hindi mo na maaaring gawin ang mga ito at sa sandaling matiyempuhan o mahuli ka ay mas mabigat na parusa ang kakaharapin.

Isa po lamang ito sa aking suhestiyon, na marahil ay puwedeng isama sa pag-aaral upang ikonsidera ang Angkas bilang public transport.

Kapag inutusan o sinabihan ka ng iyong sakay o pasahero na tulinan ang pagmamaneho dahil nagmamadali o late na sila ay hindi mo ito basta dapat sundin.

Nagagawa naman ang paglusot o overtake na kailangan lamang ay sigurado at ligtas pero kapag humantong sa disgrasya ay kaso ang kahahantungan bilang reckless driving.

Marami kasing naghahabol ng oras, sakit na talaga ng marami nating kababayan ito.

Bakit hindi kasi magbigay ng tamang palugit ng oras sa pagkilos para hindi nag-aapura sa pagbibiyahe?

Terible na talaga ang trapik, 'ika nga ni Gov. Imee Marcos, lalo na sa Kalakhang Maynila.

Kaya nga dagdag pa ng Ina ng Ilocos Norte na kailangan ng gobyerno ang mga kaukulang opsiyon hinggil sa epektibong sistema ng ating public transport at isa na nga rito ang motorcycle taxis.

Alam naman natin na mahigpit ang pagtutol dito ng Land Transportation and Franchising Regulatory Board.

Binibigyang diin ng LTFRB ang Land Transportation and Traffic Code (Republic Act 4136) na nagbabawal sa paggamit sa motorcycles bilang public transport dahil prone ito sa vehicular accidents.

Iyong katagang malapit ito sa aksidente ay ang dapat hanapan ng mga tama at epektibong kasagutan at solusyon.

Kapag may banggaan o nasagasaan ay kalimitang naririnig natin na hindi sinasadya at hindi ginusto dahil aksidente lamang daw.

Naniniwala po ba kayo rito? Ako po ay hindi dahil nangyayari ang banggaan o pagkakasagasa dulot ng kapabayaan dagdag pa ang kayabangan sa pagmamaneho.

Pwede sigurong sabihing hindi sinasadya o aksidente kung gawa ito o dulot ng mga hayop tulad ng aso, pusa at iba.

Ewan ko nga ba at bakit hindi nasosolusyunan ang pagkalat ng mga ganitong hayop sa mga kalsada at mas nakakatakot maging doon sa mga highway ay mayroon din na talaga namang matutulin ang takbo ng mga sasakyan.

Kung sadyang pinag-uukulan ng pamahalaan ang kaligtasan ng mga mananakay ay napakaraming kailangang isaalang-alang.

Sana ay ituloy ni Gov. Imee Marcos ang kanyang stand o posisyon sa isyung ito dahil tulad ng gobernadora, ako po ay hindi tutol sa Angkas bagkus ay ilatag lamang ang mga nararapat na alituntunin na titiyaking maipapatupad at susundin para sa seguridad at kaligtasan.